PAANO MAGPAREHISTRO SA GP AT MAG-BOOK NG ISANG BAKUNA

GAMIT ANG 12 SIMPLENG HAKBANG

TAGALOG / FILIPINO

PAANO KA MAKAKAKUHA NG BAKUNA SA COVID-19?







1.

Kung mayroon kang numero ng NHS, at nakarehistro sa isang GP, maaari mo nang i-book ang petsa ng iyong pagpapabakuna.

2.

Hindi mo naaalala ang iyong numero ng NHS?
Maaari itong matagpuan sa iyong mga reseta, sa mga sulat mula sa NHS o sa NHS app.

3.

Maaari mo ring tingnan ito sa pamamagitan ng paglagay ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan at postcode sa website ng NHS.

nhs.uk/nhs-services/online-services/find-nhs-number/

PAANO MAG-BOOK NG PAGPAPABAKUNA?







1.

Sa pamamagitan ng pagbisita sa NHS website, sa pamamagitan ng pagtawag sa helpline sa 119 o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa iyong GP practice.

nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/coronavirus-vaccination/book-coronavirus-vaccination/

2.

Mangyaring tandaan na kailangang magkaroon ng 2 dosis ng bakuna upang makakuha ng pinakamabisang proteksyon, kaya i-book ang parehong appointment nang magkasabay.

3.

Ano ang nangyayari kung ikaw ay nagpositibo sa COVID-19?
Sa kasong ito, mangyaring maghintay ng 4 na lingo mula sa petsa kung kailan ka nagpostibo sa test bago mag-book ng iyong appointment.

WALA KANG NUMERO NG NHS?







1.

Maaari kang makakuha ng numero ng NHS sa tulong ng iyong family doctor – kilala rin bilang General Practitioner (GP). **Paano hanapin ang pinakamalapit na GP?** Sa pamamagitan ng paggamit ng search tool sa website ng NHS.

nhs.uk/service-search/find-a-GP

2.

Kapag nahanap na, magparehistro sa isang GP surgery nang walang bayad sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong local na GP practice o pagbisita sa kanilang website.

nhs.uk/nhs-services/gps/how-to-register-with-a-gp-surgery/

3.

Hindi mo kailangan ng anumang patunay ng iyong address, status ng iyong imigrasyon, ID o isang numero ng NHS upang magparehistro. Hindi ipapasa ang iyong impormasyon sa mga pulisya o opisyal ng home office.







4.

Kailangan mo pa rin ba ng tulong upang magparehistro sa isang GP? I-print lamang o i-download sa iyong aparato ang mga GP access card mula sa website ng Doctors of the World upang maipakita ang iyong karapatang magparehistro.

doctorsoftheworld.org.uk/gp-access-cards/

5.

Ang iyong kahilingan sa pagpaparehistro ay tinanggihan? Palaging tandaan na ang lahat ng mga pasyente sa England ay maaaring tumawag sa Doctors of the World o NHS England para sa tulong.

DOTW
0808 1647 686

NHS ENGLAND
0300 311 2233

6.

Kapag nakarehistro ka na sa isang GP At natanggap ang iyong numero ng NHS sa pamamagitan ng post, maaari mong i-book nang iyong appointment sa pagpapabakuna.

In association with

British Red Cross